

Maikling Kwentong Hiligaynon: Isang Pagsasalin at Pagsusuring Moralistiko at Sosyolohikal

¹Noeme L. Robante, ²Dolly Ann B. Reyes, and ^{2,3}Joefel T. Libo-on

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nauukol sa pagsasalin at pagsusuri ng limang maikling kwentong Hiligaynon. Palarawan - pagsusuri ang ginamit na metodo sa pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng pamantayang binuo, pinili ng tatlong hurado ang limang maikling kwentong Hiligaynon na siyang isinalin sa wikang Filipino at sinuri ayon sa dulog moralistiko at sosyolohikal. Sa pamamagitan ng talatanungan, tiniyak ng tatlong tagataya ang kaangkupan ng pagsasalin. Batay sa kinalabasan ng pagtaya, napakaangkop ng ginawang pagsalin sa wikang Filipino ng limang maikling kwentong Hiligaynon. Nagtataglay rin ang mga ito ng bisa sa isip, asal at damdamin. Bilang karagdagan, naipamalas din ang iba't ibang kalagayan at suliraning panlipunan tulad ng diskriminasyon sa pisikal na kaanyuan, maling paniniwala at gawi ng mga tao sa relihiyon, pagkalulong ng mga kabataan sa ipinagbabawal na gamot, pagsasamantala sa kahinaan ng kababaihan at kawalan ng hustisya.

Keywords: *Hiligaynon, maikling kwentong Hiligaynon, pagsasalin, pagsusuri*

INTRODUKSYON

Ang pagpapatupad ng Senior High School sa bansa ay nagdulot ng pagbabago sa kurikulum; hindi lamang sa hayksul kundi maging sa kolehiyo. Dala ng pagbabagong ito, ipinalabas ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ang Memorandum Order Bilang 74, serye 2017 (*Policies, Standards and Guidelines for Bachelor of Elementary Education*) na nagsasaad na ang kursong Lit. 101 (Ang Panitikan ng Rehiyon) ay sasaklaw sa pag-aaral ng mga pangunahing akda sa mga rehiyonal na wika. Maaaring orihinal o salin sa Filipino ang mga tekstong susuriin at pagpapahalagang kultural. Gayundin, ang kursong Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya II- Panitikan ng Pilipinas ay nakatuon sa paggamit ng iba't ibang anyo ng literatura ng Pilipinas galing sa sarili at iba't ibang rehiyon sa pagtuturo, produksyon at pagtatasa na angkop sa elementarya.

Samantala, ayon kina Arrogante, et al. (2007), ang kasalukuyang oryentasyon ng kabihansang Pilipino

✉ onemanbrave@gmail.com

¹School of Education, West Visayas State University-Pototan Campus, Cau-ayan, Pototan, Iloilo

²College of Education, Iloilo State College of Fisheries, Barotac Nuevo, Iloilo

³College of Education, Iloilo State College of Fisheries, San Enrique, Iloilo

Received 8 September 2022; Revised 7 March 2023; Accepted 20 May 2022



ay siyensya at teknolohiya at hindi sa panitikang Pilipino. Limitado ang kanilang kaalaman tungkol sa panitikan dahil sa mahirap itong intindihin at unawain. Isa sa mga panrehiyong panitikan na nangangailangang paunlarin ay ang panitikang Hiligaynon dahil sa kasalatan ng pag-aaral, paggamit at pagsasalin ng mga akda nito lalo na sa anyong tuluyan.

Sa puntong ito, masasabing napakahalaga ng bahaging ginagampanan ng pagsasalin ng mga akdang pampanitikan upang maisakatuparan ang hangaring palaganapin ang panitikang Pilipino. Ayon kay Dela Fuente (2014) sa artikulong “Kahalagahan ng Pagsasaling wika”, ang pagsasaling wika ay nakatutulong upang isulong ang ating ekonomiya dahil kaakibat ng pagsasaling wika ang ating wika, teknolohiya, agham, at medisina. Madaling unawain ng mamamayang Pilipino ang mga teksto kung ito ay maisasalin sa wikang Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay nauukol sa pagsasalin at pagsusuri ng mga piling maikling kwentong Hiligaynon gamit ang dulog moralistiko at sosyolohikal. Isa itong paglingap sa panitikang rehiyonal bilang hakbang sa pagpapaunlad ng wika at higit sa lahat sa kasalukuyang pagtuturo gamit ang unang wika.

Napapanahon at angkop din ang pag-aaral na ito lalo na sa kasalukuyang pagtuturo ng Mother-Tongue-Based Multilingual Education Program (MTBMLE) sa wikang Hiligaynon at upang matugunan ang matinding pangangailangan sa kagamitang panturo sa mga kursong

Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya II- Panitikan ng Pilipinas at Lit. 101 (Ang Panitikan ng Rehiyon).

Layunin din ng pag-aaral na ito na masagot ang sumusunod na katanungan: Ano ang antas ng kaangkupan ng ginawang salin sa mga piling maikling kwentong Hiligaynon batay sa: a) pagpapahalaga sa tuntuning panretorika, b) kawastuhang panggramatika, c) kalinawan, d) katangiang pampanitikan, at d) kaangkupan sa tema, kaisipan, kayarian at damdamin?; taglay ba ng mga piling maikling kwentong Hiligaynon ang bisa sa isip, asal at damdamin?; at ano ang mga ipinahihwatig na kalagayan at suliraning panlipunan sa mga piling maikling kwentong Hiligaynon?

Ang pag-aaral na ito ay isinalig sa dalawang teorya, ang Teorya ng pagsusuri nina Mabanglo at Baltazar at iba pang kritiko sa pagbanggit ni Cabiling (2002) at Teorya ng Pagsasalin ni Newmark (1988) sa pagbanggit ni Gonzales (2011). Ayon Kay Newmark (1988), “ang pagsasaling-wika ay pagbibigay kahulugan ng isang text sa ibang wika sa paraang ninanais ng may-akda”.

Ang pagsasalin ng pag-aaral na ito ay isinailalim sa pansariling pagsubok ng salin. Ang mga mananaliksik ay nagsalin ng mga maikling kwento at, bago ito ipinabasa sa mga magtataya na eksperto, nagkaroon ng sariling pag-eedit. Mga eksperto sa paksa at wika ang napili sa pagtataya ng mga pagsasalin.. Pagkatapos ng gawaing ito, ang inayos ng mga mananaliksik ang ginawang salin batay sa mga puna at suhestiyon ng mga eksperto.

Ayon kina Mabanglo at Baltazar sa pagbanggit ni Cabiling (2002), ang pagsusuri ay isang sining ng pag-aaral na may layuning mabuo ang uring panitikan para sa kapakanan ng mambabasa, ng manunulat at ng sining. Ito ay isang gawain ng pagsulat at pagtaya sa nilalaman ng panitikan ayon sa isinasaad ng mabuting panlasa at ng mga simulaing pansining.

Sa pag-aaral na ito, sinuri ang limang (5) maikling kwentong Hiligaynon gamit ang pamaraan sa pagsusuri ng kwentong bernakular ni Villafuerte (2000).

Layunin ng pananaliksik na matukoy ang kaangkupan ng pagbibigay kahulugan ng mga maikling kwentong Hiligaynon sa wikang Filipino. Sa pananaliksik na ito, ang ginamit na Teorya ng pagsasalin ay ang teorya ni Newmark sa pagbanggit ni Gonzales (2011). Ayon kay Newmark "ang pagsasaling-wika ay pagbibigay kahulugan sa isang teksto sa ibang wika sa paraang ninanais ng may-akda." Madalas na inaakala natin na ang pagsasaling-wika ay isang payak na pagsasabi ng isang bagay sa ibang wika; ang totoo ang pagsasaling-wika ay isang masalimuot at mahirap na gawain.

Sinuri ang mga maikling kwentong Hiligaynon gamit ang teoryang moralistiko at sosyolohikal. Sa teoryang sosyolohikal, sinuri ang kalagayang panlipunang nakapaloob sa mga maikling kwentong

Hiligaynon. Mga bisang pampanitikang tulad ng bisa sa isip, asal at damdamin naman ang sinuri ayon sa teoryang moralistiko.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Paraang palarawan-pagsusuri (*descriptive-analytical*) ang ginamit sa pag-aaral na ito. Nasasangkot dito ang paglalarawan, pagtatala, pagsusuri at pagpapakahulugan ng kasalukuyang kalagayan, pagkakabuo at proseso ng isang pangyayari. Tinalakay dito ang mga pagkakaugnay ng mga pangyayari, mga kadahilanan kung bakit nagaganap ang mga kaugalian, paniniwala kaugnay ng mga kalagayan, paniniwala ng mga tao, mga bunga ng mga pangyayari at mga kasalukuyang kaganapan (Hontiveros at Ganson, 2005).

Ang paraang ito ay nakapupuna, nakasusuri at nakalalarawan ng mga katotohanan, kagandahan, kapintasan at kabutihan ng akdang sinuri. Pangunahing layunin ng palarawang paraan ang ilarawan ang kalikasan ng isang sitwasyon habang ito’y nagaganap sa panahon ng pag-aaral at masaliksik ang mga sanhi ng partikular na pangyayari (Sevilla, 1997 sa pagbanggit ni Gonzales, 2011).

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang Teorya ng Pagsasalin ni Newmark sa pagbanggit ni Gonzales (2011) na nagsasaad na “ang pagsasalin-wika ay pagbibigay kahulugan ng isang text sa ibang wika sa paraang ninanais ng may-akda na may pagsaalang-alang sa kultura, kaugalian, kaayusang panlipunan at iba pa”.


Sa pag-aaral na ito, ginamit ang matapat na metodo ng pagsalin. Ayon kina Batnag at Petras (2009), ang matapat na pagsasalin ay nagsisikap na magbigay ng eksaktong kahulugan ng orihinal habang sinusundan naman ang estrukturang gramatikal ng simulaaang lengguwahe. Ang ginawang pagsasalin ay ipinasailalim sa balidasyon ng mga eksperto sa paksa at wika ng maikling kwentong Hiligaynon. Matapos ang balidasyon, sinuri ang mga maikling kwentong Hiligaynon gamit aang dulog moralistiko at sosyolohikal.

Ayon kay Reyes (1992), ang dulog moralistiko ay nagpapalagay na ang akda ay may kapangyarihang maglahad o magpahayag hindi lamang ng literal na katotohanan kundi ng mga panghabambuhay at unibersal na mga kaatotohanan at mga di mga mapapawing pagpapahalaga (values) samantala ang dulog sosyolohikal nagpapalagay na hindi maaaring ihiwalay ang tao sa mga institusyong bahagi ng sistema; ang tao ay isang animal na may dimensyong panlipunan. Mula sa pagkasilang ng tao hanggang sa kanyang kamatayan, bahagi siya ng institusyon na gawa rin naman ng tao- ang pamilya, simbahan, edukasyon, bataas military, politika, agham, kultura at iba pa.

Pamamaraan ng Pag-aaral

Upang matiyak na taglay ng salin ang mga katangian ng isang mahusay na salin, isinagawa ang ebalwasyon ng salin upang mataya kung nailipat nang sapat ang mensahe sa tunguhang lenggwahe (Batnag, 2009).

Ginamit sa pag-aaral na ito ang isang talatanungang hinalaw sa pag-aaral ni Cabiling (2002) upang mataya ng mga tagahatol ang kaangkupan ng



Larawan 2. Mga Hakbang sa Pagsasakatuparan ng Pag-aaral.

pagsasalin. Ito ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi: 1) Pagpapahalaga sa Tuntuning Panretorika, 2) Kawastuhang Panggramatika, 3) Kalinawan, 4) Katangiang Pampanitikan at 5)

Kritisismong Pampagsasalin

Isinagawa ang kritisismong pagsasalin sa pamamagitan ng pagsusuri sa gamit na wika, tono, tema, estilo at katangiang kultural. Isinagawa ang masusing paghahambing ng maikling kwentong nakasulat sa Hiligaynon at ang naisalin sa Filipino na may pagbibigay-diin sa lahat ng pagakakaiba ng kahulugan sa isinagawang salin.

Isinailalim ito sa pagsubok ng salin tulad ng pansariling pagsubok kung saan ang mga mananaliksik na siyang tagasalin rin ang gumawa ng salin at nag edit nito bago ikonsulta sa eksperto na siya magtataya sa ginawang salin.

Pang-istadistikang Pagtalakay ng mga Datos

Ang mga natipong datos sa pag-aaral ay tinuos sa pamamagitan ng sumusunod na istadistikang pagtalakay:

Katampatang tuos o Mean. Ito ang ginamit upang matukoy ang kaangkupan ng isinagawang pagsasalin ng limang maikling kwentong Hiligaynon.

Sinuri ng mananaliksik ang kinalabasan ng pagtataya sa pamamagitan ng pagkuha ng katampatang tuos o mean ng mga puntos na inilaan ng mga tagahatol sa bawat pamantayang sinukat.

Upang matukoy ang antas ng kaangkupan ng ginawang salin, ginamit ang sumusunod na pamantayan sa pag-aaral na ito:

<i>Iskala</i>	<i>Deskripsyon</i>
4.21 – 5.00	Napakaangkop
3.41 – 4.20	Angkop
2.61 – 3.40	Katamtaman ang Kaangkupan
1.81 – 2.60	Di-Gaano ang Kaangkupan
1.00 – 1.80	Di - Angkop

Ang “Napakaangkop” ay nangangahulugang napakahusay ng ginawang pagsasalin. Ang “Angkop” ay nangangahulugang mahusay ang pagsasalin. Ang “Katamtaman ang Kaangkupan” ay nangangahulugang mahusay nang bahagya ang ginawang pagsasalin. Ang “Di – gaanong Angkop” ay nangangahulugang di-gaanong mahusay ang ginawang pagsasalin kaya kailangang iwasto. Ang “Di – Angkop” ay nangangahulugang hindi mahusay ang pagsasalin kaya kailangang palitan.

RESULTA AT TALAKAY

Antas ng Kaangkupan ng Ginawang Salin sa Kabuuan

Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang pagsubok sa salin na kung saan ang mga mananaliksik na siya ring tagasalin ng mga maikling kwento ay nagsagawa ng pansariling pagsubok sa salin bago ito ikinonsulta sa eksperto. Ang mga ekspertong ito ay nagbigay hatol sa ginawang salin. Sila ay nagbigay rin ng komento, suhestiyon at iskor sa ginawang salin batay sa talatanungan ng pagtataya ng salin.

Ang kinalabasan ay nagpakita na sa kabuuan, ang ginawang salin sa Filipino ng limang maikling kwentong Hiligaynon ay napakaangkop. Ito ay pinatunayan ng natamong pinagsamang katampatang – tuos na 4.91.

Ipinakita rin sa pag-aaral na taglay ng salin ang pagpapahalaga sa tuntuning panretorika (4.88) kawastuhang panggramatika (4.85), kalinawan (4.85), katangiang pampanitikan (4.98) at kaangkupan sa tema, kasipan, kayarian at damdamin (5.00). Ito ay nagpakita lamang na napakahusay ng ginawang salin dahil taglay ng mga ito ang katangiang nabanggit. Ibig sabihin na nakita ng mga tagataya ng salin na napakahusay ng ginawang salin ng mga piling maikling kwentong

Hiligaynon kaya napakaangkop ng kinalabasan ng pagtaya sa pangkalahatan.

Samantala may pagkakaugnay ang pag-aaral ni Pagayon (2020), na pinamagatang “Maikling Kwentong Hiligaynon sa Panahon ng Milenyo: Pagsasalin at Pagsusuri” sa ginawang pag-aaral na ito sapagkat siya ay nagsagawa ng pagsusuri ng mga maikling kwentong Hiligaynon na gumamit ng talatanungan sa pagtataya ng salin. Napag-alaman na ang ginawang salin sa Filipino ay may katumpakan na 4.67. Ang resulta ay nagpapakita na ang salin sa Filipino ng mga maikling kwentong Hiligaynon ay ay may kaangkupan sa tema, kaisipan, kayarian at damdamin.

Pagsusuri ng mga Maikling Kwentong Hiligaynon

Ayon kay Arrogante at iba pa (2007), ang maikling kuwento ay isang maikling salaysay hinggil sa isang mahalagang pangyayaring kinasasangkutan ng isa o ilang tauhan at may isang kakintalan o impresyon lamang. Isa itong masining na anyo ng panitikan. Bilang isang akdang pampanitikan, nagtataglay ito ng iba’t ibang elemento o sangkap tulad ng tagpuan, tauhan, banghay, pananalita, tema, damdamin, pananaw at simbolo. Ito ay binubuo ng mga bahaging panimula, paunlad na pangyayari, kasukdulan, kakintalan at wakas. May iba’t ibang uri ng maikling kwento, ito ay kwento ng tauhan, tagpuan, banghay, isipan, katutubong kulay, kababalaghan, katatakutan, katatawan at pakikipagsapalaran. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa limang makabagong maikling kwentong Hiligaynon na sinuri sa dulog moralistiko at sosyolohikal.

Dulog Moralistiko

Sa dulog moralistiko, inilalahad ang iba’t ibang pamantayang sumusukat sa moralidad ng isang tao-ang pamantayan ng tama at mali (Castillo,2019). Sa moralistikong pananaw, makikita sa mga kwentong sinuri ang maraming pagpapahalagang pangkatauhan at pagpapahalagang moral ng mga Ilonggo. Dito tinalakay rin ang mga bisang pampanitikan tulad ng bias sa isip, asal at damdamin.

Sa kwentong *Donato Bugtot* (Donato Kuba), pinakatema ng maikling kwento ang pagpapahalaga sa kabutihan. Ang kabutihan ng isang tao sa kabila ng pag-abandona, pagtakwil at pag-alipusta sa kanyang pagkatao dahil lamang sa kanyang pisikal na kaanyuan.

Ang kabutihan ay likas sa mga Pilipino/Ilonggo. Ang pagtulong sa kapwa lalong-lalo na sa gitna ng kagipitan at pangangailangan. Katulad na lamang ng pagdating ng bagyong Yolanda na labis na puminsala sa Kanlurang Bisayas. Marami ang nawalan ng tirahan at mahal sa buhay. Sa kabila nito, madaling nakabangon ang lahat dahil sa pagtutulungan. Makikita dito ang angking kabutihan ng mga Ilonggo na kahit sila man ay

nawalan ngunit nagbigay pa rin ng tulong sa kanilang mga kababayan.

Ipinaalala din ng kwento na huwag nating tingnan ang isang tao sa kanyang pisikal na kaanyuan kundi tingnan ang kanyang kalooban.

“Demonyo ang batasan ni Jed. Sia nga ginbugayan sang katahum kag mala-anghel nga hitsura, napun-an sang kalain kag kalaw-ay. Garuk! Makangilil-ad sia; kag makatalagam, tungod makatiliplang. Hitsura n’ya lang ang mabuot, apang ang sulod, dukot.”

(Demonyo ang ugali ni Jed. Siya ang biniyayaan ng

maganda at mala-anghel na hitsura, pero puno ng kapangitan. Bulok!

Nakakadiri siya; delikado, mapagkunwari. Mukha lang siyang mabait, pero ang ugali’y napakapangit.)

Ang pagiging maka-Diyos ay nakita rin sa kwentong ito. Ang mga Ilonggo ay naniniwalang may Diyos na siyang lumikha ng sanlibutan. Lahat ng nangyayari ay naaayon sa Kanyang kagustuhan. Tulad na lamang sa kwentong ito, si Donato ay iniwan ng kanyang ina, inalipusta at binalewala ng kanyang kakambal ngunit may plano ang Diyos para sa kanya. Siya ang Tagapagligtas! Nagligtas ng kanyang pamilya mula sa kumonoy ng kasalanan. Kasalanan ng kanyang ina, ng kanyang ama at ng kanyang kakambal.

“Makatingala ang mga pamaagi sang Dios. Ikaw, ang bato nga gin-etsa-

pwera sang mga manugtukod, ikaw subong ang sadsaran sang kaluwasan. Ikaw

– ang paaman, ikaw subong ang sugpon nga kabuhi sang imo kapid.

Ginhingalanan ka nga Donato, nagakahulugan ‘ginhatag sang Dios,’ apang ikaw subong ang ginatawag nga maghatag.”

(“Nakapagtataka ang pamamaraan ng Diyos. Ikaw, ang batong binalewala ng mga manggagawa, ikaw ngayon ang daungan ng kaligtasan. Ikaw – ang dagdag, ikaw ngayon ang dudugtong sa buhay ng iyong kakambal. Pinangalanan kang Donato, nangangahulugang “ibinigay ng Diyos”, pero ikaw ngayon ang tinawag para magbigay.”)

Nalakipan din ng positibong pagpapahalaga ang kwento gaya ng pagiging maunawain, mapagkumbaba, mapagpatawad at pagmamahal sa pamilya na taglay ng pangunahing tauhan sa akda na dapat tularan ng lahat. Sa akdang ito malayang nailahad ang katotohanang mahalaga ang pagkakaroon ng busilak na kalooban sa kabila ng mga masama at pangit na nangyari sa buhay, pagpapatawad at pagtanggap hindi lamang sa sariling kahinaan at kalakasan kundi ng kapwa tao.

“Palangga sila. Ilabi na gid ang mga nagatamay sa imo.”

“Mahalin mo sila. Lalo na ang umaapi sa iyo.”

Sa kwento namang si Padre Olan kag Ang Dios (Si Padre Olan at Ang Diyos), tema rin ng kwento ang pagiging Maka-Diyos. Malaki ang pananalig ng mga tauhan sa akda na ibibigay ng Diyos ang kanilang ipinagdarasal na ulan.

“Don Beato,” paathag ni Padre Olan, “pamatian sang Dios ang aton pangamuyo bisan diin kita. Indi kinahanglan nga sa simbahan gid kita mangamuyo.”

“Don Beato,” paliwanag ni Padre Olan, “diringgin ng Dios ang ating panalangin kahit saanman tayo. Hindi kailangan na nasa simbahan upang tayo’y Kanyang pakinggan.”

Ipinakita rin sa kwento ang paniniwala sa himala ng mga tauhan at ang kapangyarihan ng panalangin. Ang mga ito’y hinubdan ng tabing sa maikling kwento sa bagay na kaagad na pagdarasal sa Panginoon upang humingi ng tulong sa anumang problemang kinakaharap. Lubos na pananampalataya sa Kanya ang kailangan para matupad ang anumang kahilingan. Ipinakita sa maikling kwento ang kapangyarihan ng mataimtin na panalangin lalo na kung nagkakaisa sa isang hangarin ang bawat isa para matupad ang anumang hinihiling.

Takus nga nangamuyo ang tanan. Mabatyagan, halos makaptan, ang

pagtuo nga nagaluntad sa bug-os nga simbahan. Mapagsik nga nagkanta ang

mga tumuluo sa upod sa mga pamatan-on sang choir. Kag bisan si Don Beato nga

indi relihiyoso, nag-upod sa pag-amba kag pagbantala sang pagtuo.

(Taimtim na nagdasal ang lahat. Mararamdaman, pwedeng hawakan, ang pananampalataya na nangyayari sa buong simbahan. Masiglang umaawit ang mga deboto kasama ang mga batang miyembro ng koro. At kahit si Don Beato na hindi relihiyoso, nakiisa sa pag-awit at pagbigkas ng kredo.)

Binigyang pansin din sa kwento na totoo ang himala at ang nagagawa nito sa isang tao.

“Sa maniwala ka at sa hindi, naniniwala ako sa milagro. Iyong estatwa na lamang ng Mahal na Birhen na nasa harap ng katedral, nakasaksi ako ng kahiwagaan nito.”

Ginsugid nga milagroso nga nagadaku ang estatwa sang Nuestra Senora

de la Candelaria. Gikan kuno sa isa ka tapak sang nasalapuan ini sang mga

mangingisda sa suba sa Iloilo sadtong 1587, nagalab-ot na subong sa masobra

duha kag tunga ka tapak ang kataason sang estatwa. Kag sumugod sa koronahan

ini sang Santo Papa sadtong 1981, makatatlo na kuno ka beses nga ginpadakuan

ang iya bulawan nga korona.

“Sa maniwala ka at sa hindi, naniniwala ako sa milagro. Iyong estatwa na lamang ng Mahal na Birhen na nasa harap ng katedral, nakasaksi ako ng kahiwagaan nito.” (Sinabing mapaghimalang lumalaki ang estatwa ng Nuestra Señora de la Candelaria. Isang talampakan lamang ito nang matagpuan ng mga mangingisda sa ilog ng Iloilo noong 1587, ngayo’y tinatayang nasa mahigit dalawa at kalahating talampakan na ang taas nito. At mula ng koronahan ito ng Santo Papa noong 1981, tatlong beses ng pinalitan ang laki ng gintong korona nito.)

Naglumaw-lumaw gid ang mata ni Padre Olan sang iya nakita nga ginbaton ni Don Beato ang tinanok nga saging nga gintanyag sang isa ka marismo nga tigulang. Ano nga milagro ang gindulot sang pinasahi nga adlaw sang pagpangamuyo agud mag-ulan sa tagipusoon sang mga tawo?

(Mangiyak - ngiyak si Padre Olan ng kanyang makita na tinanggap ni Don Beato ang nilagang saging na ibinigay sa kanya ng isang gusgusing matanda. Anong milagro ang idinulot ng kakaibang araw ng pagdarasal para umulan sa puso ng mga tao?)

Moralistiko rin ang lapit ng maikling kwentong *Ang Kapid (Ang Kambal)* na nagbigay tuon sa pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa. Ipinapaalala nito na kailangan nating bigyan pansin ang ating kapwa lalong-lalo na ang mga nangangailangan. Binigyang-buhay ito sa katauhan ni Rafael del Valle, isang occupational therapist na nagtrabaho kasama ang mga adik at nawalan ng bait. Pagmamahal at pagmamalasakit ang ipinakita niya sa kanyang mga pasyente na unti-unti ring nagpabago ng kanyang konsepto kung bakit iyon ang kanyang napiling trabaho.

Sa Mandaluyong, masami sia nagabatyag sang nagalugdang nga kaluoy

kag nagapanghawid nga pag-ulikid para sa iya mga pasyente.

(Sa Mandaluyong, palagi niyang nararamdaman ang awa at pag-aalala sa kanyang mga pasyente.)

Ipinapaalala rin ng maikling kwento na may plano ang Diyos sa bawat isa sa atin. Lahat ay nangyayari ayon sa Kanyang kagustuhan at naghihintay lamang siya na tayo’y tumawag sa Kanya. Magtiwala sa kapangyarihan ng Maykapal sapagkat nasa Kanya ang ginhawa kung tayo ay nahihirapan, ang lakas kung tayo’y nabibigatan sa mga pagsubok at liwanag kung nag-aalinlangan o nadidiliman sa buhay. Ang Diyos ang tanging gabay natin na nakakaalam kung ano ang karapat-dapat para sa atin.

Apang ang Dios may iban nga buko kag handum para sa iya.

(Pero ang Diyos ay may ibang plano para sa kanya.)

Kag didto sa Pototan, gintun-an niya nga sundon kag tumanon ang giya

sang indi makita nga Dios

(At doon sa Pototan, pinag-aralan niyang sundin at tuparin ang kagustuhan ng Diyos.)

Bilang moralistikong pananalig, ipinaalala naman ng maikling kuwentong *Lirio (Lirio)* ang labis na pagmamahal ng magulang sa anak. Ang responsibilidad ng magulang ay hindi nagtatapos sa pagbibigay buhay lamang sa sanggol. Higit kailanman, pananagutan ng magulang ang siya'y arugain, bigyan ng pangunahing pangangailangan at higit sa lahat pagmamahal. Tunay na kailangan ng anak ang pagmamahal ng magulang lalo na kung ang anak ay may kapansanan.

Tuman ang pagpalangga kay Lirio sang iya ginikanan apang nagdaku sia

nga wala sang mga abyan.

(Sobra ang pagmamahal kay Lirio ng kanyang mga magulang ngunit

lumaki siyang walang kaibigan.)

Apang ayhan, sa ila pagkaapa, mas nahangpan sang mga tigulang ang

nagkalahanabo sa ila pinalangga nga anak. Kag tungod nga luyag nila nga

makahibi si Lirio nga wala sang huya-huya (o kon ano nga ginaulikdan),

ginpunggan na lang nila ang ila pagginhawa tubtub nagtulurong ila mga kalimutaw.

(Ngunit dahil sa kanila ring pagkapipi, mas naintindihan ng mga matatanda ang nangyayari sa kanilang pinakamamahal na anak. At dahil gusto nilang umiyak si Lirio nang hindi nahihiya (o may pinoproblema), pinigilan nila ang paghinga hanggang sa tumirik ang kanilang mga mata.)

Ipinakita naman sa kwentong *Candido (Candido)* ang isang wagas na pag-ibig. Isang pag-ibig na hindi matutumbasan ng anumang materyal na bagay. Pagmamahal na handang makipaglaban sa hagupit ng panahon. Isang pag-ibig na kahit ang pagitan ay napakalawak na karagatan ay paninindigan pa rin ang paghihintay sa taong minamahal.

“Nalipat ka, Didong. Apang ako, wala. Padayon ako nga naghulat, padayon nga naglaum.”

(“Nakalimot ka, Didong. Ngunit ako, hindi. Patuloy na naghintay, patuloy na umasa.”)

Ipinakita rin sa kwento ang isa pang uri ng pag-ibig, ang pag-ibig sa bayan, ang pakikipaglaban para sa kalayaan ng ating bansa.

Kag si Andres, Supremo sang Katipunan – ang likum nga hubon nga

nagapakigbato para sa kahilwayan sang mga Pilipino gikan sa mapintas kag malupigon nga mga Katsila.

(At si Andres, Supremo ng Katipunan – ang lihim na samahan na nakikipaglaban para sa kalayaan ng mga Pilipino mula sa malupit at mapang-aping mga Kastila.)

Sa kabuuan, ang limang maikling kwentong sinuri ay nagtataglay ng mga pagpapahalagang gumugulo sa mentalidad at sa kabutihan ng tao kaya maaaring gamitin para sa pagtuturo ng aral at hitik sa damdamin at emosyon ang mga kwento na nakapagtuturo ang mga ito ng mga aral sa mambabasa. Pinupukaw nito ang damdamin ng mga mambabasa sa pagpapahalaga ng mabuti at masama. May mga hatid na kaalaman at kaisipan na nagdudulot pa rin ng bagong kaalaman ang mga kwentong sinuri. Nakatitinag rin ng damdamin ang nilalaman ng akda dahil sa mga tauhang nagbibigay buhay rito. Samakatwid, taglay ng mga kwento ang mga bisang pampanitikan na binanggit ni Rufino Alejandro: ang bisa sa damdamin, bisa sa isip at bisa sa kaasalan.

Bisa sa Damdamin. Sa kwentong *Donato Bugtot (Donato Kuba)*, hindi maiwasan ng mambabasa ang damdamin ng kalungkutan nang ang batang si Donato ay pinagtangkaang patayin dahil sa anyo nito, paghanga sa angking kabutihan ni Donato, pagkainis at pagkagalit sa ugaling taglay ni Jed Belvis na kakambal ni Donato.

Sa kwentong *Si Padre Olan kag Ang Dios (Si Padre Olan at Ang Diyos)*, pagkalungkot ang tanging naramdaman ng mambabasa dahil sa kawalan ng tiwala ni Padre Olan na ibibigay ng Diyos ang kanyang hinihiling at pagkainis kay Don Beato Yngala dahil sa paggamit ng ibang tao para sa kanyang sariling interes at kapakanan. Nakapanindig balahibo naman ang tungkol sa katauhan ng kambal na sina Angelica at Soledad del Cielo at paghanga naman para sa tauhang si Rafael del Valle ang naramdaman ng mambabasa sa kwentong *Ang Kapid (Ang Kambal)* dahil sa pagmamalasakit nito sa kapwa. Ganyan ding damdamin ang namayani sa mambabasa sa kwentong *Lirio at Candido*. Paghanga sa labis na pagmamahal ni Tatay Manuel at Nanay Rosa at dahil sa bigat ng responsibilidad ng pagiging isang magulang lalo na kung ang anak ay may kapansanan. Paghanga rin sa katapangang taglay ni Candido para makamit ang kalayaan at ang wagas na pag-ibig ni Mayang para sa binata.

Bisa sa Kaisipan. Sa kwentong *Donato Bugtot (Donato Kuba)* naipakita na hindi sa pisikal na kaanyuan nakikita ang kagandahan ng isang tao kundi nasa kalooban, na ang anyo ng isang tao ay mapanlinlang. Samantalang sa kwentong *Si Padre Olan kag Ang Dios (Si Padre Olan at Ang Diyos)* ay nagpakitang magkaroon ng malakas na pananalig sa Maykapal at anumang kahilingan ay magkakaroon ng katuparan.

Ipinakita rin sa akda na hindi madaling maging isang alagad ng simbahan, kaakibat nito ang maraming reponsibilidad. Sa kwentong *Ang Kapid (Ang Kambal)* ipinakita na may mga bagay sa mundo na hindi kayang maunawaan at maipaliwanag ng tao. Ipinamalas naman ng kwentong *Lirio* ang gampanin ng isang magulang sa anak lalo na kung ito'y may kapansanan. Ito ay hindi isang madaling gawain, bagkus ito ay isang obligasyon na kung pakaisipin ay mahirap at mabigat na tungkulin ngunit masarap sa pakiramdam lalo't kung maganda ang iyong hinubog na anak.

Sa kwentong *Candido* ay ipinakita ang katapangan at kagitingan ng ating mga bayani noong Rebolusyon 1896. Hindi naging madali ang buhay ng ating mga bayani para matamo natin ang kalayaang ating tinatamasa sa kasalukuyan. Sa kabilang dako, kahit nasa makabagong panahon na tayo nariyan pa rin ang ating paniniwala sa mga kababalaghan at kapangyarihang dala ng mga tinatawag na anting-anting.

Bisa sa Kaasalan. Habang binabasa ng mga mananaliksik ang kwentong *Donato Bugtot (Donato Kuba)* naisip ng mananaliksik kung gaano kabusilak ang puso ng isang nilalang sa kabila ng pang-aalipusta ng iba. Pinagtangkaan man siyang patayin ng sariling ina dahil sa kanyang kaanyuan ngunit kabutihan pa rin ang kanyang isinukli at ipinakita nang ibigay niya sa kanyang kakambal ang kanyang bato. Ibinigay niya ito hindi dahil sa iyon ay kanyang obligasyon bilang kapatid kundi dahil iyon ang nararapat at tamang gawin. Ang kagandahan ng pisikal na anyo ay lilipas at naglalahong ngunit ang kabutihan ay nanatili sa puso at isipan ng bawat taong binigyan mo nito tulad ni Donato.

Samantala sa kwentong *Si Padre Olan* ang *Si Padre Olan at Ang Diyos* nasabing walang imposible kung malakas ang iyong pananalig sa Maykapal. Naisip ng mananaliksik na laging nandiyan ang Poong Maykapal para tugunin ang ating pangangailangan lalo na kung ang hinihiling ay para sa kapakanan ng lahat. Naghihintay lamang Siya na tayo'y kumatok sa Kanyang pintuan at buong puso Niya tayong pagbubuksan.

Gaya rin sa kwentong *Ang Kapid (Ang Kambal)*, may mga bagay na hindi kayang unawain at ipaliwanag kung bakit may mga nangyayari na labag sa ating sariling kagustuhan. May plano ang Diyos sa bawat isa dahil ano pa man ang ating sinapit iyon ay dahil sa Kanyang kagustuhan. Pagmamalasakit sa kapwa ang siyang nagsilbing patunay na tayo rin ay Kanyang pagmamalasakitan.

Habang binabasa naman ang kwentong *Lirio* naisip ng mananaliksik kung paano ang pagiging isang magulang ng isang batang may kapansanan. Kung paanong hinubog ng magulang ang anak at kung gaano na lang ang kanilang pagnanais na mapunan ang kanyang pangangailangan sa kabila ng kakapusan sa

buhay. Ang hirap at sakripisyo ng magulang mabigyan lamang ng magandang buhay at katiwasayan ang anak kahit kapalit man nito ay kamatayan.

Sa kwentong *Candido*, nasabing makapangyarihan ang pag-ibig. Katulad ng sinabi ni Balagtas: Pag-ibig kapag pumasok sa puso ninuman, hahamakin ang lahat masunod ka lamang. Dahil sa pag-ibig sa bayan ay sinuong ng ating mga bayani ang panganib para palayain sa kamay ng malupit at mapang-aping dayuhan ang ating bansa. Kaya naman huwag nating ipagkait ang pag-ibig sa ating kapwa dahil pag-ibig ang ibinuhos ng ating mga magigiting na bayani para tayo'y maging malaya.

Dulog Sosyolohikal

Ayon kina Castillo (2019), sa dulog na sosyolohikal natatalakay ang mga kalagayang sosyal, ang kapamuhayan, ang mga sitwasyong nag-uudyok ng karahasan, nagtutulak sa tao sa ganoon at ganitong buhay, mga pagkakataong nagiging sanhi o bunga kaya ng mga pang-aapi at pag-aapi, pagkaduhagi o kaya'y kadakilaan, kagitingan, kabayanihan ng isang tao o pangkat ng tao. Ang sosyolohikal ay nagbibigay diin sa mga kalagayan at suliraning panlipunang ipinapahiwatig ng akda.

Sa sosyolohikal na pananaw, makikita sa kwentong *Donato Bugtot (Donato Kuba)* ang dalawang mukha ng tao sa lipunan: ang taong nagtataglay ng kagandahan sa pisikal na kaanyuan at mga taong nagtataglay ng kapangitan. Hindi kaila sa lipunang ating ginagalawan na ang maganda ay hinahangaan at ang mga pangit ay binabalewala at minsan ay inaalipusta. Sa trabaho ay palaging kwalipikasyon ang pagkakaroon ng kaaya-ayang personalidad. Nariyan ang mga pelikulang Kampanerang Kuba at The Hunchback of Notre Dame na sumasalamin sa estado ng tao kung pisikal na kaanyuan ang pag-uusapan.

Ganoon pa man, ipinahiwatig ng kwento na sa lipunang ating ginagalawan anuman ang ating pisikal na kaanyuan ay naririyon pa rin ang ating pamilya at kaibigan na nagmamahal, handang tumanggap at tumulong sa panahon ng pangangailangan.

Ipinakita rin sa kwento ang tungkulin o reponsibilidad ng isang tao bilang indibidwal na bahagi ng lipunan. Bilang miyembro ng lipunan bawat tao ay may kani-kaniyang tungkuling ginagampanan para sa kapakinabangan ng bawat isa. Tungkulin ng bawat isa ang magtulungan, suportahan ang isa't isa at maghanap ng paraan para makapag-ambag ng positibong pagbabago. Ito ang ginawa ni Donato ang pagbigay ng kanyang bato sa kanyang kakambal para bigyan ito ng pagkakataong magbago. Anumang maliliit na bagay ang gawin ay nakapagbibigay ng malaking epekto sa iba.

Sa kwentong *Si Padre Olan* ang *Si Padre Olan at Ang Diyos*, gamit ang sosyolohikal na

pananaw, hindi nakaligtas sa mapanuring pagmamasiid ng may-akda ang maling paniniwala at gawi ng mga tao sa relihiyon katulad ni Don Beato, kahit na para sa kapakanan ng lahat ang inilapit ng don sa pari, alam ni Padre Olan na para sa sariling negosyo/kapakanan ang totoong nagtulak sa don na lumapit sa kanya. Inilalarawan nito ang ilang miyembro ng lipunan na nagkukunwari para makahingi ng pabor para sa ikabubuti ng sarili at pagprotekta sa kayamanan.

Maging ang karaniwang nangyayari sa paligid ng simbahan kahit saang panig man ng bansa ay ipinamalas rin ng akda.

Ginhambalan sila ni Padre Olan nga indi paghimuon nga sirkus ang

liturhiya, nga pat-uron nga wala sang may magalibud sang mani kag baye-baye,

o Tru-Orange kag singkamas bisan sa gwa sang simbahan.

(Pinagsabihan silani Padre Olan na huwag gawing perya ang liturhiya, na siguraduhing walang magtitinda ng mani at baye-baye, o Tru-Orange at singkamas kahit sa labas ng simbahan.)

Ang kwentong *Ang Kapid (Ang Kambal)* ay naglahad ng suliraning panlipunan sa kasalukuyan, ang pagkalulong ng mga kabataan sa ipinagbabawal na gamot. Mga kabataang kulang sa pag-aruga, pagmamahal, pagtingin at paggabay ng magulang. Inilalarawan ito sa pagtatrabaho ni Rafael del Valle sa New Life Therapeutic Center na sentro sa pagrehab ng mga adik at durugista.

Kag didto sa New Life Therapeutic Center, samtang nagatrabaho sia sa

tunga sang mga adik, daw landong nga nagtubo ang kaakig kag pangbasol sa

dughan ni Rafael. Nanugunan gid sia sa mga kabataan nga nagguba sang ila

buasdamlag paagi sa droga.

(Sa New Life Therapeutic Center, habang nagtatrabaho siya kasama ang mga adik, umusbong ang galit at paninisi sa puso ni Rafael. Nanghihinayang talaga siya sa mga kabataang nasira angbuhay at kinabukasan dahil sa droga.)

Sinasalamin naman ng kwentong *Lirio* ang imahen ng kababaihan sa lipunan, bilang pasibo, madaling matakot, hindi gumagamit ng isipan, kayan-kayanan ng kalalalahanian at sentimental. Taglay ang ganitong katangian ng pangunahing tauhan sa kwento.

Padayon nga pagpahubog kag pagpanakit sa asawa sang sutil nga si Itik.

(Patuloy ang paglalasing at pananakit ni Itik sa kanyang asawa.)

Apa niya nga ginbaton ang tanan nga kastigo tungod ini sia makapaathag

kon ngaa ginaduaw sia ni Noli nga may dala nga tatlo ka puti nga liryo.

(Tahimik niyang tinanggap ang lahat ng pananakit dahil hindi siya makapagpaliwanag kung bakit dinadalaw siya ni Noli na may tatlong mapuputing bulaklak (liryo).)

Ipinahiwatig rin ng maikling kwento ang ugaling malihim ng mga Ilonggo. Mga paniniwala't hangga't makakayang dalhin ang isang bagay o suliranin ay pilit kakayanan mag-isa. Ang pagngiti sa gitna ng kalungkutan ngunit tumatangis ang pusong nagdurusa. Ilan lamang ito sa mga kaugaliang hindi kayang burahin sa kamalayang Ilonggo.

Wala gid niya ginapabati sa iya mga ginikanan ang mga ugayong sang

kasakit nga nagkawas sa iya apa nga baba.

(Hindi niya pinaparinig sa mga magulang ang sakit na nararamdaman na umaalpas sa piping bibig.)

Malinaw namang inilalarawan sa maikling kwentong *Candido (Candido)* ang naging kalagayan ng mga Pilipinong nakipaglaban para sa kalayaan sa mga malupit, mapang-api at mapang-abusong mga Kastila. Naging bahagi ng ating kasaysayan ang mga pangyayari sa panahon ng pananakop ng mga Kastila dito sa ating bansa. Tunay na inilalarawan sa maikling kwento ang panahong iyon kung saan ang diwa at damdaming Pilipino gayundin ang buhay at katotohanan sa lipunang pinamumugaran ng kawalan ng pag-asa, takot, sindak at panganib.

Nabatian ko na ang mga tikang sang mga guardia civil nga nagapadulong

sa amon nahamtangan. Ginapanan-aw ko na ang ila pagahimuon...

(Naririnig kona ang mga yabag ng mga guardia civil patungo sa aming kinalalagyan. Nakikinita ko na ang kanilang gagawin...)

Wala gid ako nagsala. Ginpaarakan nila kami sang luthang. Nagsilinamo

ang mga linupok kag ang mga tiyabaw kag singgit sang akon mga kaupod. Kag

subong, agud mapat-ud nga patay na sila, isa-isa nga ginatuslok sang bayoneta

sang mga guardia civil ang kilid sang akon mga abyan kag kauturan.

(Hindi ako nagkamali. Pinaulanan nila kami ng bala. Naghalo ang putok at taghoy at mga sigaw ng aking kasama. At ngayon, para masiguradong patay na sila, isa-isang tinusok ng bayoneta ng mga guardia civil ang tagiliran ng aking mga kaibigan at kapatid.)

Inilalarawan rin sa akda ang kawalan ng hustisya noong unang panahon. Isang sakit na mahirap masugpo sa ating lipunan. Nais pagtagpuin sa kwento ang noon at kasalukuyang hinaharap ng bansa kung hustisya ang pag-uusapan. Ang mga ordinaryong tao sa lipunan na ginawan ng masama ang siya pang may kasalanan dahil lamang ang kanilang kinalaban ay makapangyarihan.

“Isa ka bes, may isa ka pangayaw, manggaranon nga Katsila. Nakita niya

*si Nanay kag nahulog ang iya buot sa akon
iloy. Ginbalibaran sia ni Nanay apang
ginpwera niya... ginlugos niya... ang akon iloy!
Nanugid kami sa mga awtoridad
apang si Nanay pa ang ginbilanggo.*

***(“Isang araw, may isang dayuhan, mayamang
Kastila. Nakita niya si Inay at nahulog ang kanyang
loob dito. Tinanggihan siya ni Inay pero pinilit niya
ito... pinagsamantalahan niya... ang aking ina!
Nagsumbong kami sa mga pulis pero si Inay pa ang
ikinulong.”)***

Malinaw ring inilahad sa kwento na bahagi na ng kulturang Pilipino ang paniniwala sa mga anting-anting o agimat. Patuloy pa rin tayong naniniwala sa mga kababalaghang nangyayari sa ating paligid kahit na tayo’y nasa makabagong panahon na.

*Padayon ako nga nagatuo kag nagasalig sa akon
anting-anting tungod*

*sumugod sang nadakop ako tuhtub subong,
ginaamligan ako sang akon anting-
anting.*

***(Patuloy akong sumasampalataya at
nagtitiwala sa aking anting-
anting dahil mula noong ako’y nadakip
hanggang ngayon, pinoprotektahan
ako ng aking anting-anting.)***

Sa mga maikling kwentong sinuri ay ipinamalas ang iba’t ibang kalagayan at suliraning panlipunan tulad ng diskriminasyon sa pisikal na kaanyuan, maling paniniwala at gawi ng mga tao sa relihiyon, pagkalulong ng mga kabataan sa ipinagbabawal na gamot, pagsasamantala sa kahinaan ng kababaihan at kawalan ng hustisya. Inilahad ito sa pamamagitan ng paglarawan ng realidad ng lipunang ginagalawan ng mga Ilonggo at ng bawat Pilipino.

Si Gorumba, (2019), ay nagkaroon ng pag-aaral hinggil sa “Pagsasalin at Pagsusuri ng Akdang Panitikan ni Jesus Sanchez” na gumamit ng apat na maikling kwento ni Jesus Sanchez ng Palompon, Leyte. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagsasaad na sa pamamagitan ng mga isinaling mga maikling kwento ay mas mabibigyang puwang ang mga lokal na manunulat at maiugnay ang mga nilalaman ng mga kwento sa aktwal na nakikita at nararanasan ng mga estudyante gaya ng kultura ng lugar. Ang pag-aaral ng pagsasalin at pagsusuri ay napapalaganap din ang mga akdang panitikang lokal.

Sa paggamit naman ng teoryang sosyolohikal ang naging resulta ng pag-aaral ay napag-alaman na isinasaad sa maikling kwento ang kultura ng lipunan tulad ng pagkalinga, halimbawa, ang pansamantalang pagpapatira sa bahay ng Kapitan ng mga gurong itinalaga sa malayo o bulubunduking lugar hanggang sa makabisado niya ang lugar at mamamayan. Ang

pagtanggap naman sa mga bisitang tagasuri sa mga paaralan ay talaga.

KONKLUSYON

Isang kritisimong pampagsasalin ang isinagawa sa pag-aaral na ito na isinailalim sa pagsubok ng salin. Ginawa ng mga mananaliksik na siyang tagasalin rin ang pansariling pagsubok bago ang pagkonsulta sa eksperto. Sa pagkonsulta sa eksperto, gumamit ng talatanungan sa pagtataya ng ginawang salin.

Taglay ng isina-Filipinong mga maikling kwento ang pagpapahalaga sa tuntuning panretorika, kawastuhang panggramatika, kalinawan, katangiang pampanitikan at kaangkupan sa tema, kaisipan, kayarian at damdamin ay nagpapalinaw sa akda kaya madali itong maunawaan.

Ang naisaling maikling kwentong Hiligaynon ay nagtataglay ng mga batayang sangkap ng nilalaman, kaanyuan at paraan ng pagkakasulat, tema o paksa, sensibilidad ng mga tauhan, pag-ugnayan ng mga salita, istruktura ng wika, metapora at iba pang sangkap ng tunay at ganap na maikling kwento. Pagpapatunay lamang ito sa teorya ni Newmark (1988) sa pagbanggit ni Cabiling (2002), na nangangahulugan na ang ginawang pagsasalin sa akda ay nabigyan kahulugan sa isang teksto sa ibang wika sa paraang ninanais ng tagasalin.

Ang mga maikling kwento ay naglalarawan ng kabutihan, pagmamalasakit sa kapwa, pag-ibig ng magulang, pag-ibig sa bayan at sa kapwa, wagas na pag-ibig at pagpapahalaga sa kalayaan. Naglalahad din ito ng pagiging pantay ng tao sa paningin ng Dakilang Lumikha. May hatid na aral ang maikling kwento upang pukawin at paunlarin ang isipan ng mga mambabasa, limiin o pakatimbangan ang mabuti at masama at kumilos ng tama na naayon sa batas ng Diyos at batas ng tao. Taglay ng mga maikling kwento ang bisa sa isip, asal at damdamin.

Sa pag-aaral ni Sombria (2019), na “Pagpapahalagang Aral Nakapaloob sa mga Piling Maikling Kwento ni Genoveva Edroza-Matute” ay may layuning magbigay ng mahahalagang impormasyon at moral tungkol sa mahahalagang aral na nakapaloob sa mga piling kwento ni Genoveva Matute sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga balyung masasalamatin na maaaring moral, sosyal o ispirital. Tinukoy rin niya ang mga isyung panlipunan na litaw na litaw sa mga kwento at inilahad ang implikasyon nito sa pag-aaral ng panitikan at natuklasan na punung-puno ng pagpapahalagang moral ang mga akdang pampanitikan na nakapagbibigay ng impormasyon sa mga mambabasa upang mapalawak ang kanilang kaalaman, naipakita ng may-akda sa kwento ang mga aral at mga balyung nais iparating sa kanyang mga mababasa, nangingibabaw ang mga

pagpapahalagang moral na mabuti sa kwento dahil sa sumusunod ang tao sa pamantayan ng kagandahang asal at nagbubunga ng masama ang mga ugaling di mabuti.

Ipinakita ang mga suliranin at kalagayang panlipunan sa akda tulad ng: diskriminasyon sa pisikal na kaanyuan, maling paniniwala at gawi sa relihiyon, kawalan ng hustisya, pang-aapi sa kababaihan, tungkulin ng isang kasapi ng lipunan, at kahirapan. Tumatalakay ito sa kalagayan at suliraning panlipunan ng bansa at pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Ilonggo/Pilipino.

Sa kabilang dako, ang resulta ng pag-aaral na ito ay naging tugon sa pagpapayabong ng sariling panitikan. Ayon kay San Juan (2020), dapat pagsiglahin ang pagsasalin sa mga progresibong panitikan mula sa ibang bayan sapagkat ang mga akdang ito'y makatutulong din sa pagpapahusay ng estilo at porma ng panitikang Filipino.

Isa itong tugon sa pagpapalawak ng saklaw ng pagsasalin ng panitikan sa bernakular tungo sa wikang pambansa. Ang Kawanihan sa Pagsasalin ng Komisyon ng Wikang Filipino at ang pakikipag-uganayan nito sa mga nangungunang unibersidad sa buong bansa tungo sa mabilis at mas mahusay na lansakang pagsasalin ay magkakaroon ng sapat na kagamitang panturo sa isang ganap na Filipinasadong sistemang pang-edukasyon na makhuhubog at makalilalang ng mga mag-aaral na maging mapanuri at malikhaing mag-isip.

Ito ay isa ring tulong upang maisakatuparan ang kahalagahan ng pagsasalin na inilabod sa unang kabanata ng "Patnubay sa Pagsasalin" na inilabas ng Pambansang Komisyon sa Kultura at Sining na ang tungkulin ng pagsasalin sa paglilipat ng kultura't kaalaman sa buong mundo. Sa pag-aaral na ito, naililipat nito ang kultura at kaalamang Ilonggo sa buong bansa at iba pang sa makakaunawa ng wikanag Filipino. Sa maikling sabi, napapalawak nito saklaw ng tagatangkilik ng akdang Hiligaynon.

ACKNOWLEDGMENT

Nais ng mga mananaliksik na bigyan pasasalamat ang may-akda ng mga maikling kwentong Hiligaynon na si Peter S. Nery sa kanyang ibinigay na pahintulot na gamitin ang kanyang mga akda sa pananaliksik na ito. Bilang karagdagan, ang kanyang pagsuporta upang matapos ang pag-aaral na ito ay hindi matatawaran.

AUTHORS' CONTRIBUTIONS

N.L.R.: Konseptwalisasyon, pamamaraan, validation, pormal na pagsusuri, pagsulat ng orihinal na draft; D.A.B.R.: Konseptwalisasyon, pamamaraan, validation, pormal na pagsusuri, pagsulat ng orihinal na

draft; J.T.L.: Istatistikal na pagsusuri, pormal na pagsusuri, pagsulat ng orihinal na draft.

CONFLICT OF INTEREST

Ang mga mananaliksik ay nagdedeklara na walang komplekto ng interes kaugnay sa pananaliksik na ito.

REFERENCES

- Arrogante, J. A., Ayuyao, N. G. at Lacanlale, V. M. (2007). *Panitikang Filipino Antolohiya*. National Bookstore, Mandaluyong City.
- Batnag, A at Petras. (2009). *Teksbuk sa Pagsasalin*. C & E Publishing, Inc.
- Cabiling, M. C. (2002). *Mga Kontemporaryong Maikling Kwentong Hiligaynon Pagsasalin at Pagsusuri (Kontribusyon sa Pagbuo ng Awentikong Kanon ng Pambansang Panitikan*. [Di-nalathalang tesis-masteral] University of San Agustin, Iloilo City.
- Castillo, P.J., Garcia Z.A., Lalong-isip, P.J. & Maravilla, A. (2019). *Mga Teorya at Dulog sa Pagsusuring Pampanitikan*. [PowerPoint slides]. Good Tree International School. <https://www.slideshare.net/PjCastillo2/mga-teorya-at-dulog-sa-pagsusuring-pampanitikan>.
- Dela Fuente, M.G.C. (2014). *Kahalagahan ng Pagsasalin*. Sulong Udyong! <http://udyong.gov.ph/teachers-corner/5650-kahalagahan-ng-pagsasalang-wika>
- Gonzales RR (2011) Pagsasalin Ng mga Kwentong bayang Hiligaynon. [Di-nalathalang tesis] Iloilo State College of Fisheries.
- Gorumba, J. (2019). Translation and analysis of Jesus Sanchez shorts Stories. *International Journal of Research Studies in Education*, 8 (4)39-45.
- Hontiveros T.P. & Ganzon E.D. (2005). *Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik (Filipino 2)*. Iloilo City Mindset Publishing, Inc.
- Palarawang Pananaliksik (n.d). <https://www.coursehero.com/file/p2a91ne/DISEN-YONG-PANANALIKSIK-1-Palarawang-Pananaliksik-o-Deskriptibo-Ang-mga/>
- Pagayon, Ma. Emma O. (2020). *Maikling kwentong Hiligaynon sa panahon ng milenyo: Pagsasalin at pagsusuri*. [Di-nalathalang Tesis] Pamantasan ng Iloilo, Lungsod ng Iloilo.
- Reyes, S. (1992). *Kritisismo mga teorya at antolohiya para sa epektibong pagtuturo ng panitikan*. Anvil Publishing, Inc. Manila.
- San Juan, D. M. (2020) *Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunang*

- Pilipino. Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.
<https://www.swfupdiliman.org/project/suri-saliksik-sanaysay/>
- San Juan, Gloria P., Mag-atas, Rosario U., De Leon, Z., Ortiz A., Belardo, R., San Juan, C., Cañega, J., Arriola, M., Bondame, F., Cabayan, W. (2007). *Masining na Pagpapahayag (Retorika) Filipino 3 Pangkolehiyo*. Grand Books Publishing, Inc.
- Sombria, Khezel Jean (2019). *Pagpapahalagang aral na nakapaloob sa mga piling maikling kwento ni Genoveva Edroza-Matute*. [Unpublished manuscript].
- Villafuerte, P. V. etc. al. (2000) *Panunuring pampanitikan teorya at pagsasanay*. Mutya Publishing House, Valenzuela city